THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

PNP PATROL Plan 2030 OUR SHARED COMMITMENT


#PNPKAKAMPIMO

PHILIPPINE NATIONAL POLICE SERVICE HONOR JUSTICE

Volume V No. 44* Oktubre 30 - Nobyembre 5, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# HALOS P17-M ECSTASY, NASAMSAM SA OPERASYON NG PNP AT PDEA

*sundan sa pahina 3*





## Php5.3-M Cocaine at mataas na kalibre ng armas, nasabat sa Tawi-Tawi

*sundan sa pahina 11*

**PUBLIC ANNOUNCEMENT!!!**

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

***Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 2***

**Minimal on- site capacity**

(applying work from-home and other flexible work arrangements)

Allowed (50% on-site or venue/seating capacity)

***Activities and Establishment***

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph



## PULISYAPEDIA

**Ano ang release on recognizance?**

- Ayon sa Republic Act 10389 o ang Recognizance Act of 2012, ang release on recognizance ay nangangahulugan na ang isang taong nakakulong at walang kakayahang magbayad ng piyansa ay maaaring mabigyan ng pansamantalang kalayaan sa pamamagitan ng paglalagay ng kustodiya nito sa isang kwalipikadong miyembro ng barangay, siyudad, o bayan kung saan nakatira ang akusado. Gaya ng piyansa, ang recognizance ay isang kasiguruhan na dadalo ang akusado sa pagdinig ng kaniyang kaso.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio | @pnppio | @pnp_pio | PNP PIO | www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG



0919-160-1752 - SMART
0917-847-5757 - GLOBE
888 - Presidential Complaints Center
911 - National Emergency Hotline

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

PGEN GUILLERMO LORENZO T ELEAZAR

# PNP, nakahanda na sa pagpapatupad ng alert level system sa buong bansa

**Inatasan na ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang lahat ng Police Regional Offices sa labas ng Metro Manila na maghanda sa pagpapatupad ng Alert Level System sa buong bansa.**

Ayon sa Department of Health, ang paiiralin ang Alert Level System sa buong bansa simula December 1.

"Iba-iba ang mga panuntunan sa bawat alert level system kaya dapat lamang na alam ng bawat pulis kung paano ang deployment nito upang hindi magkaroon ng kalituhan sa pagpapatupad ng mga patakaran," pahayag ni PGen Eleazar.

Inaasahan ang pagluluwag sa mga regulasyon sa mga lalawigan at rehiyon at kaakibat nito ang pagbubukas ng mas maraming establisiyimento at ang pagdami ng taong lalabas sa kani-kanilang mga tahanan.

Sinabi ni PGen Eleazar na bukod sa istriktong pagpapatupad ng minimun safety health protocols, dapat ding siguraduhin ng mga kapulisan ang maigting na pagpapanatili ng seguridad upang hindi makapambiktima ang masasamang-loob.

Sa kasalukuyan, ang National Capital Region ay nasailalim ng Alert Level 2 hanggang Nobyembre 21.

Samantala, simula Disyembre 1, ang itatalagang alert level sa buong bansa ay tutukuyin tuwing ika-15 at ika-30 ng bawat buwan.

"Napatunayang mabisa ang alert level system sa pagtulong sa pagpapababa pa ng kaso ng COVID-19 sa Metro Manila. Kaya tutulong ang PNP na tiyaking magiging epektibo ang sistemang ito sa buong bansa," pagtitiyak ni PNP Chief Eleazar.

Hinimok din ng hepe ang publiko na sundin ang umiiral na minimum public health standards upang mabawasan ang naitatalang kaso ng COVID-19 sa bansa.



# PNP Chief Eleazar, nagbababala sa publiko vs online 'love scam'

*Photo Courtesy: m.facebook.com/SerangoonNPC*




**Nagbigay babala si Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T Eleazar sa publiko na mag-ingat sa kumakalat na "love scam" sa mga social media platform.**

Ito ay matapos maaresto ang dalawang (2) Nigerian na hinihinalang sangkot sa naturang scam.

Nagpanggap ang mga suspek na sina Felix Aondowase at Emmanuel Abia bilang mga Australian upang akitin ang biktimang businesswoman. Humantong ito sa pagpapadala ng mga maseselang larawan ng biktima sa mga suspek hanggang sa kalaunan ay gagamitin ito upang i-blackmail ang businesswoman.

Nanghihingi ang mga suspek ng US$8,000 mula sa biktima na ipadadala sa Pilipinong kasabwat nila na nasa Cavite.

"This is not the first time that we encountered and arrested Nigerians using this modus that is why I already ordered our ACG and CIDG to help each other to bust this syndicate. Hindi natin hahayaan na paglaruan lalo na ng mga dayuhan ang wagas na pag-ibig na inaalay ng ating mga kababayan," ani PGen Eleazar.

"Laganap ang mga tinatawag na 'love scammers' sa iba't-ibang social media platforms kaya I would advise our kababayan to be cautious of persons they connect with online. The anonymity offered by the internet makes it a playground for scammers particularly at this time of pandemic when most of us are spending longer hours online," dagdag pa ng hepe.

Samantala, sa ikinasang entrapment operation, arestado din ang mga kasabwat ng mga Nigerian na nasa Cavite.

Hinimok naman ni PGen Eleazar ang mga naging biktima ng "love scam" na magsampa ng reklamo upang maaresto at mapanagot ang mga nasa likod ng panlolokong ito.

"Hindi karupukan at kahangalan ang umibig dahil papasok at papasok ito sa puso nating lahat. Ang kailangan lamang ay ang ibayong pag-iingat, lalo na kung malaking pera na ang pinag-uusapan, upang hindi ito mauwi sa lokohan at matinding iyakan," ani PGen Eleazar.

# Pagsibak sa 2 pulis na suspek sa panggagahasa, ipinag-utos ni Eleazar



*Photo Courtesy: isorepublic.com*

**Ipinag-utos ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang pagsibak sa dalawang (2) pulis na kasalukuyang sumasailalim sa Field Training Program matapos maakusahan sa kasong panggagahasa.**

Kinilala ang mga suspek na sina AJ Magsino at Jack Marquez, pawang police trainees ng Rodriguez Municipal Police Station sa Rizal.

Batay sa inisyal na imbestigasyon, inimbitahan umano ni Magsino ang babaeng text mate nito sa isang hotel upang makipagtalik. Pagkatapos ay iniwan ni Magsino ang babae sa kwarto habang natutulog. Pumasok naman si Marquez sa kuwarto at di umano ay hinalay ang babae na nagising at tumakas upang i-report ang nangyaring insidente.

"Seryoso ang bintang laban sa dalawang ito kaya't inatasan na natin ang Rizal Provincial Police Office na masusing imbestigahan ang kaso. Ito ay patunay lamang na normal na ang mabilis na aksyon ng PNP sa pagtugon sa mga reklamo sa aming hanay dahil ito naman ang ating ipinangako sa ating mga kababayan," pahayag ni PGen Eleazar.

"Kung mapatunayang totoo ang alegasyon, hindi na natin hahayaan pang mapabilang sa hanay ng PNP ang mga ito. Ngayon pa lang ay dapat putulin na ang anumang pagkakataon ng mga ito na makapasok sa PNP at makapang-abuso pa ng kapangyarihan," giit ng hepe.

Kasalukuyang nakakulong sina Magsino at Marquez na pawang nahaharap sa kasong administratibo at kriminal.

Tiniyak naman ni PNP Chief na mabibigyan ng karampatang proteksyon ang biktima.

# Halos P17-M ecstasy, nasamsam sa operasyon ng PNP at PDEA

**Nasamsam sa joint anti-illegal drugs operation ng Philippine National Police (PNP) at Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) ang mahigit P16-milyon halaga ng ecstasy sa Quezon City noong Nobyembre 5, 2021.**



Ayon sa National Capital Region Police Office, umabot sa 9,948 ecstasy tablets na nagkakahalaga ng Php16,911,600 ang narekober sa controlled delivery operation sa kahabaan ng BMA Street corner Batulao Street sa Barangay Tatalon.

Arestado ang suspek na si Elisha Mae llas.

Ang naturang operasyon ay isinagawa ng PDEA Regional Office 3; Clark Inter-Agency Drug Interdiction Task Group; PDEA-SIU SBMA; PDEA-SIU Bataan; PDEA-NCR; Quezon City Police District; at ng Bureau of Customs, Port of Clark.

Nahaharap si Ilas kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Samantala, pinapurihan ni PNP Chief PGen Guillermo Lorenzo Eleazar ang matagumpay na operasyon ng PNP at PDEA.

"I commend our law enforcers who have successfully stopped the proliferation of these ecstasy tablets worth nearly P17-million. Dahil sa maayos na koordinasyon sa pagitan ng mga ahensya, napigilan ang pagkalat ng mga ecstasy tablets na ito sa Quezon City at sa ibang bahagi ng Metro Manila," ani PGen Eleazar.

Inatasan na rin ng hepe ang mga kapulisan na magsagawa ng mas malalim na imbestigasyon upang matukoy kung saang grupo o sindikato kabilang ang suspek para mahuli ang iba pang mga kasabwat.

# Pagdukot ng 6 katao sa Batangas, iniimbestigahan ng PNP-AKG



Photo Courtesy: philnews.ph

**Kasalukuyang iniimbestigahan ng Philippine National Police (PNP) Anti-Kidnapping Group (AKG) ang insidente ng pagdukot sa anim (6) na katao sa Laurel, Batangas.**

Nangako si PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa mga pamilya ng biktima na hindi titigil ang kapulisan hangga't hindi nai-uuwi ang mga biktima at mapanagot ang mga suspek.

"Inatasan ko na ang Director ng aming Anti-Kidnapping Group na tutukan ang kasong ito, kasama ang pakikipag-ugnayan sa pamilya at mga kakilala ng mga biktima upang matukoy kung bakit ba nangyari ang insidenteng ito. Ramdam ko ang pagkabahala ng mga magulang at kaanak ng mga biktima so we assure them that their PNP will do everything in its power to solve this case," wika ni PGen Eleazar.

Kinilala ang anim na biktima na sina Mark Nelvin Caraan, Shane Despe, Carlo Fazon, Eugene Noora, Mar Christian Ore at Paulino Sebastian.

Pauwi na sana ang mga ito sa Dasmariñas City, Cavite mula sa bakasyon sa Lian, Batangas nang harangin ng armadong grupo at pilit binuksan ang kanilang sasakyan sa kahabaan ng Tagaytay-Nasugbu Road.

Natagpuan naman ng Batangas Provincial Police Office ang sasakyan ng mga biktima na inabandona sa kagubatang bahagi ng Barangay Bunggo, Calamba City, Laguna.

Umapela si PNP Chief Eleazar sa sinuman na maaring may impormasyon hinggil sa naturang insidente na makipag-tulungan sa PNP upang agarang malutas ang kaso at mailigtas ang mga biktima.

# Assets ng PNP, nakahanda para sa transportasyon ng COVID-19 vaxx – Eleazar




Photo Courtesy: rappler.com




**Tiniyak ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar na nakahanda ang lahat ng kagamitan ng PNP para sa distribusyon at transportasyon ng COVID-19 vaccine.**

Ito ay matapos ipag-utos ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang paggamit sa air assets ng pulisya at militar upang maihatid ang mga bakuna sa iba't ibang rehiyon sa bansa.

"Nakahanda hindi lang ang air assets ng PNP, kundi pati ang land at water assets, para tumulong sa paghahatid ng mga bakuna sa ating mga bayan at lalawigan," ani PGen Eleazar.

"I already directed the Police Regional Directors to coordinate with Local Chief Executives to discuss the logistics of the vaccine delivery. Akin rin silang inatasan na magdeploy ng karagdagang personnel na tututok dito sa deliveries ng bakuna," dagdag pa ng hepe.

Simula nang mag-umpisa ang COVID-19 vaccine rollout noong Marso, naging katuwang ng gobyerno ang PNP sa pagbibigay-seguridad at paghahatid ng mga bakuna.

"Kasama ito sa papel na ginagampanan ng PNP sa ilalim ng ating National Vaccination Program, ang tiyaking makararating ng maayos ang mga bakuna sa lahat ng sulok ng bansa, lalo na sa mga liblib na lugar," wika ni Eleazar.

Bukod sa seguridad at transportasyon, naka-standby rin ang PNP Medical Reserve Force para agad ma-deploy sa alinmang mga lokalidad sakaling mangailangan ng tulong para mapabilis ang proseso ng pagbakuna.

Hinikayat ni PGen Eleazar ang publiko na magpabuka laban sa COVID-19. Iginiit niya na ang bakuna ang siyang pangunahing proteksyon ng publiko mula sa nakamamatay na virus.

"We urge the public to avail of these free vaccines because apart from the strict observance of MPHS, this is our best protection against COVID-19," ani PNP Chief.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Guillermo Lorenzo T Eleazar*

## Paghahanda sa pagpapatupad ng Alert Level System sa buong bansa

Mariin nating ipinag-uutos sa buong kapulisan ang maaga at mahigpit na paghahanda sa pagpapatupad ng alert Level System sa bansa. Ito ay alinsunod sa Department of Health na simula December 1 ngayong taon ay ipapatupad na ang Alert Level System sa lahat ng panig ng bansa.

Kaya naman, kinakailangan na lahat ng police station ay pamilyar sa mga ipinatutupad na Alert Level para sa maayos at tamang pagpapatupad nito sa kani-kanilang nasasakupang komunidad.

Ngayon pa lamang ay inatasan na natin ang lahat ng Police Regional Offices na paghandaan itong pagpapatupad ng alert level system nationwide. Iba-iba ang mga panuntunan sa bawat alert level system, kaya dapat lamang na alam ng bawat pulis kung paano ang deployment nito upang hindi magkaroon ng kalituhan sa pagpapatupad ng mga patakaran.

Inaasahan natin na magkakaroon din ng pagluluwag sa mga regulasyon sa mga lalawigan o rehiyon na naaayon sa alert level. Kaakibat ng pagluwag na ito ay ang mas maraming tao na ang maaari nang lumabas sa kani-kanilang bahay. Kasabay din nito, mas maraming negosyo na rin ang magbubukas kaya inaasahan ang pagdagsa ng mga tao sa panahong ito.

Hindi lang sa banta ng COVID-19 tayo dapat handa at nag-iingat. Nagpaalala rin ako sa ating kapulisan na siguraduhing maigting pa rin ang pagpapanatili ng seguridad upang hindi makapambiktima ang masasamang loob sa ating kapwa.

Samantala, kasalukuyan namang nasa Alert Level 2 ang buong National Capital Region na magtatapos hanggang November 21. Simula naman sa December 1, ang pagsasailalim ng alert level assignments sa lugar ay gagawin tuwing ika-15th at 30th ng buwan.

Ayon sa mga eksperto, napatunayan na mabisa ang alert level system sa pagtulong sa pagpapababa pa ng kaso ng COVID-19 sa Metro Manila. Kaya tutulong ang pambansang pulisya upang tiyakin na magiging epektibo ang sistemang ito sa buong bansa.

Ganun pa man, patuloy pa rin nating hinihikayat ang ating mga kababayan na sumunod sa mga ipinatutupad na public safety protocols nang magtuloy-tuloy na ang pagbaba ng kaso ng COVID-19 sa bansa.

# EDITORYAL

## Kaligtasan ang babantayan sa ilalim ng alert level 2

Ibinaba na sa COVID-19 Alert Level 2 ang Metro Manila simula Nobyembre 5 kasunod ng patuloy na pagbaba ng mga kaso. Sa ilalim nga ng alert level 2, pinapayagan nang lumabas ang mga menor de edad at mga senior citizen. Pinapayagan rin ang inter-zonal at intra-zonal travel pero depende pa rin sa restriksyon na ipinapatupad ng mga lokal na pamahalaan na pupuntahan.

Ang karamihan sa mga establisyamento at serbisyo ng negosyo ay pinahihintulutan na ngayong mag-operate pero kinakailangan na sundin ang 50 porsiyentong maximum na kapasidad sa indoor venue para sa mga indibidwal na fully vaccinated maging mga hindi pa nabakunahan at 70 porsiyentong kapasidad naman pag outdoor venue.

Ang mga dating ipinagbabawal na aktibidad na papahintulutan na ngayon ay kinabibilangan ng: limitadong face-to-face na klase depende pa rin sa maaaprubahang mga paaralang magpapatupad nito; kid amusement playground at kiddie rides; mga karaoke bar, teatro at live-audience venue gaya ng mga concert hall at sinehan. Ang mga ahensya ng gobyerno ay inaatasan na maging ganap na pagpapatakbo na may hanggang 50 porsyentong kapasidad habang pinagpapatuloy ang mga kanya-kanyang work arrangements.

Dahil nga sa pagpapatupad ng mas maluwag na alert level, inaasahan ang pagdagsa ng ating mga kababayan sa mga pampublikong lugar kaya naman mas pinarami pa ang idineploy ng pambansang pulisya sa mga apangunahing lansangan at pampublikong lugar upang tiyakin pa rin ang pagsunod sa minimum health standard. Maaasahan ng ating mga kababayan na anuman ang alert level na ipapatupad, laging nakahanda ang inyong PNP upang ipatupad ang mga alituntunin para matiyak ang kaligtasan ng ating mga kababayan

Naniniwala naman ang liderato ng pambansang pulisya na makikipagtulungan ang mga may-ari at mga kawani ng mga establisyamento katulad na lamang ng mga grocery store, mall at iba pa sa pagpapatupad ng minimum health protocol pati na rin ang mga lokal na opisyal na nakakasakop sa mga establisyamentong ito na wala ding hangad kundi ang kaligtasan ng ating mga kababayan.

Panawagan naman natin sa ating mga kababayan na hindi pa rin dapat magpakampante at patuloy na sundin ang ipinatutupad na minimum health protocols. Hinihikayat din natin ang lahat na gamitin ang panahon na ito para magpabakuna kontra COVID-19 para makamit na ang inaasam na herd immunity sa buong bansa.

Bumaba man ang mga kaso ng mga nagpopositibo sa COVID-19 at lumuwag man ang restriksiyon ang pinakamahalaga pa rin ay ang pakiki-isa ng ating mga kababayan sa pamamagitan ng pagsunod sa minimum public health safety protocols at ang pagiging mapagmatyag, at tapang na paalalahanan ang mga lumalabag nating mga kababayan.

Walang pakialam ang coronavirus sa mga alert level na ito, kaya tayo dapat ang mag-adjust sa pamamagitan ng tamang pagsunod ng mga patakaran sa kaligtasan at kami naman sa PNP ay maaasahang laging tutulong upang ipaalala ito sa ating mga kababayan.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## PNP DPCR, nanguna sa "5-Day Disaster Preparedness and Search, Rescue, and Retrieval Operations Blended Seminar" sa Camp Crame

Nanguna ang PNP Directorate for Police Community Relations (DPCR) sa "5-Day Disaster Preparedness and Search, Rescue, Retrieval Operations Blended Seminar" na ginanap sa DPCR Conference Room, Camp Crame, Quezon City kasama ang National Support Units (NSUs) at Police Regional Offices (PROs) sa iba't-ibang bahagi ng bansa sa pamamagitan ng zoom platforms.

Sa kanyang naging mensahe ay pinuri ni PBGen Harris R Fama, Deputy Director, DPCR ang mga nakiisa at sumali sa nasabing blended seminar dahil maski virtual lamang anya ay malaking tulong ito para sa kapakinabangan ng ating mga pulis upang malaman ng mga ito ang tamang gagawin kung dumating man ang panahon ng sakuna gaya ng bagyo, pagbaha, lindol at iba pang uri ng kalamidad. Mahalaga anya ang pagkakaroon ng ganitong uri ng kaalaman para makatulong sa mga nangangailangan lalo na sa ating mga kababayan lalo na at tayo ay miyembro ng Pambansang Pulisya.

Binati naman ni PCol Gemma C Vinluan, Chief, Community Affairs Division, DPCR ang mahigit dalawang-daang participants na nakilahok sa nasabing seminar na kung saan ay nagbigay din ng kanilang learning expectations ang mga pulis na sina PSSg Abdulazes Mamailao, PPD Action PNCO, PRO BAR at si PLT Al-Redzki M Hajal, OIC, Technical Support Company, RMFB 9.

Kasama din sa mga tumayo bilang mga Resource Persons sa nasabing Seminar ay sina NUP Regina Salve, PNP Chaplain Service; PLtCol Daniel Banan, Human Rights Affairs Office (HRAO); PMaj Carol Clyde Basco, Health Service; at si PLt Kenneth Mar Mangantulao, PNP General Hospital. (PEMS Eric B Fernandez, PNP PIO).


# EDITORIAL BOARD

**PGEN GUILLERMO LORENZO T. ELEAZAR**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Alalahanin natin ang mga salita ng Diyos

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Nawa ay patuloy kayong nasa mabuting kalagayan habang binabasa po ninyo ang aking kolum. Isang pribilehiyo po sa akin na makapagbahagi ng "Mabuting Balita," na nagbibigay-buhay at kahulugan sa ating buhay.

Ang bilis ng panahon, tila kahapon lang ay iniisip natin kung paano makakatapos ng pag-aaral mula sa elementarya at koliheyo. Sa panahon ng ating pagsasanay sa PSBRC, PSOOC, at PNPA ay nananalangin tayo sa Panginoong Diyos, nawa ay mapagtagumpayan natin ang pagsubok na ating pagdadaanan. Lumipas ang tatlong taon at na promote na tayo sa ating ranggo.

Ang "Salita ng Diyos" ay nagbibigay ng karunungan sa atin kung paano tayo mamuhay ng may karunungan at gamitin ang oras, kayamanan, at lakas habang tayo ay nabubuhay sa mundong ito. Tayo ay pinaalalahanan na huwag nating kalilimutan. Ito ay matatagpuan natin sa Mangangaral 12:1-8 na sinulat ni Haring Solomon.

1. Alalahanin mo ang iyong Manlilikha sa panahon ng iyong kabataan bago dumating ang mga araw at taon na puno ng kaguluhan, panahong hindi mo na madama ang tamis ng mabuhay.

2. Alalahanin mo ang Diyos bago makubli ang sikat ng araw, bago magdilim ang buwan at mga bituin, bago ka matabunan ng makapal at madilim na ulap.

3. Alalahanin mo siya bago humina ang iyong katawan, bago manghina ang iyong mga bisig, bago mawalan ng lakas ang iyong mga tuhod. Alalahanin mo siya bago mabungi ang iyong mga ngipin at bago lumabo ang iyong mga mata.

4. Alalahanin mo nga siya bago dumating ang panahon na sarado na ang mga pintuan at tumigil na ang tunog ng gilingan; bago dumating ang panahon na madali kang magising sa himig ng mga ibon, o ang tunog ng awitin ay tuluyan ng tumigil.

5. Alalahanin mo siya bago dumating ang panahong katatakutan mong umakyat sa mataas na lugar, bago dumating ang panahong di ka na makalakad na mag-isa, bago pumuti ang iyong buhok, at lipasan ng pagnanasang sumiping sa minamahal. Darating ang araw na tayo'y pupunta sa huli nating hantungan at marami ang tatangis sa lansangan.

6. Darating ang araw na malalagot ang tanikalang pilak na nagdadala sa ilawang ginto; babagsak ito at madudurog. Darating din ang araw na malalagot ang tali ng timba at ito'y babagsak at masisira.

7. Alalahanin mo siya bago manumbalik sa alikabok ang ating katawang lupa at ang ating hininga ay magbalik sa Diyos na may bigay nito.

8. "Napakawalang kabuluhan! Lahat ay napakawalang kabuluhan," sabi ng Mangangaral." Mangangaral 12:1-8 (MBB)

Ano ang mga bagay na dapat nating gawin?

Alalahanin ang Panginoong Diyos sa panahong tayo ay malakas pa at may kakayanan pang gawin ang mga bagay na nais natin. Ang maglakbay sa malayong lugar, gawin ang mga pangitain na binigay sa iyo ng Panginoong Diyos. Alalahanin natin Siya bago pa dumating sa atin ang takip-silim, mga panahon na malapit na tayong dumako sa huling hantungan. Darating sa ating lahat na tayo ay hihimlay at papahingahin ng Maykapal. Alalahanin natin na hindi po tayo bumabata. Darating sa atin ang pagtanda at paghina ng ating mga katawan. Kung noong bata pa ay kaya nating magpuyat, mag over-time at gawing umaga ang gabi. Pagtanda natin ay limitado na ang ating mga galaw. Nawa ay huwag nating sayangin ang oras, lakas at pagkakataon na gawin ang mabuti at kalooban ng Diyos. Ang pagkakataon ay minsan lang dumarating sa ating buhay, kinakailangang harapin ang hamon at sakripisyo upang makamtan ang hinahangad sa buhay. Ang pagwalang-bahala sa mga pagkakataong dumating sa atin ay darating ang panahon na ito ay ating pagsisisihan. Higit sa lahat ay pagsumikapan natin na malaman ang kalooban ng Panginoong Diyos para sa atin. Bawat oras, araw at sandali ng ating buhay ay katulad ng salapi na maaari nating gastusin at gamitin. Kapag ito ay nagugol natin sa walang-kabuluhang ito ay mawawala at mauubos. Kung ito naman ay ginamit sa matalinong kaparaanan, hindi ito mauubos at ito ay madadagdagan pa.

Para kanino ka ba nabubuhay?

Huwag sayangin ang buhay. Lahat ng bagay sa mundong ito ay mawawala ngunit ang buhay na inilaan sa Diyos ay mayroong laang gantimpala mula sa Kanya.

## Top 3 Most Wanted Person sa Tabaco City, arestado


**Sa loob ng 16 na taon na pagtatago, naaresto sa ginawang manhunt- operation ang Rank 3 City Most Wanted Person sa lungsod ng Tabaco noong Nobyembre 1, 2021 sa dakong 11:30 ng umaga.**

Ayon kay PCol Arnold C Santiago, Provincial Director ng Albay, nahuli ang suspek sa ikinasang manhunt-operation ng Tabaco CPS sa Purok 3, Poblacion, Malinao, Albay, bitbit ang ibinabang "Warrant of Arrest" na ipinalabas ng korte noong Oktubre 28, 2005 para sa dalawang (2) bilang ng kaso ng "Rape".

Kinilala ang suspek sa pangalang "Jovy", 55 taong gulang, manggagawa, at naninirahan sa Purok 3, Brgy. San Roque, Tabaco City.

Ang nasabing suspek ay nasa pangangalaga ng Tabaco CPS habang inihahanda ang paglipat sa kanya sa korte na magtatakda ng kanyang kulungan sapagkat walang kaakibat na piyansa ang kasong kanyang kinakaharap.

Muling ipinaalala ni PCol. Santiago na "Hindi dahilan ang katagalan ng pagtatago ng isang kriminal. Hindi sila makakatakas sa matatalas na mata at mababagsik na kamay ng Albay Kasurog Cops, na walang ibang nais kundi ang mahanap at mapanagot ang lahat ng nakagawa ng krimen ng sa gayon ay masiguro na mabigyan ng hustisya ang lahat ng tao na naging biktima ng anumang karahasan.






# 168 bagong opisyal ng PNP, nanumpa na sa katungkulan








**Pinangasiwaan ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang panunumpa ng 168 bagong Police Commissioned Officers (PCO) sa ilalim ng 2021 Lateral Entry Program ng PNP.**

Naging Guest of Honor and Speaker si Department of Interior and Local Government (DILG) Secretary Eduardo M. Año na kinatawanan ni DILG Undersecretary for Peace and Order Bernardo C. Florece Jr.

Ang mga bagong opisyal ay kinabibilangan ng apat (4) na abugado at dalawang (2) doktor na nanumpa sa ranggong Police Captain at tatanggap ng basic monthly salary na Php56,582 at iba pang benepisyo.

Ang 162 na iba pa ay mga dentists, optometrists, psychologists, nurses, pharmacists, medical technologists, radiologic technologists, chemists, nutritionists, engineers, forensic criminologists, architects, at IT officers. Tatanggap sila ng basic monthly salary na Php49,528 at iba pang benepisyo para sa ranggong Police Lieutenant.

"Your achievement today defines your moral courage and strong determination to achieve your goal. From amongst hundreds of applicants who tried to take their chance, PNP has chosen you as the best among the rest, because our community deserves nothing but the best police service from us," pahayag ni Chief PNP Eleazar sa kanyang talumpati.

"Lagi ninyong isa-puso at isa-isip na ang ranggong meron kayo ngayon ay may kaakibat na pananagutan sa mamamayang Pilipino na panatilihin ang kaayusan, itaguyod ang karapatang pantao at wakasan ang kriminalidad at mga pang-aabuso sa bansa," dagdag pa ng hepe.

Idedeploy sa mga Police Regional Office at National Operational Support Unit ang mga bagong opisyal.

Ayon kay PNP Chief Eleazar, nai-turn over na ang 168 PCO sa Directorate for Human Resource and Doctrine Development (DHRDD) at sasailalim sila sa Officers' Basic Course at Field Training Program bago tuluyang i-deploy.

Ang Lateral Entry Program ay isang paraan ng pag-recruit ng Police Commissioned Officers sa PNP, bukod pa sa cadetship program ng PNP Academy.

Noong Oktubre 4, nasa 117 technical service professionals ang nanumpa rin bilang mga bagong opisyal ng PNP.

# 500 pamilya, nakatanggap ng Php779K na ayuda mula sa gobyerno







**Higit kumulang 500 pamilya ang naging benepisyaryo sa isinagawang Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan sa Baggao, Cagayan noong Nobyembre 3, 2021.**

Tinatayang aabot sa Php779,000 ang halaga ng food at non-food items ang ipinamahagi sa mga nasabing benepisyaryo.

Nagsagawa ng libreng gupit ang mga kapulisan, medical mission ang Municipal Health Office ng Baggao, at feeding program naman ang My Brother's Keeper-Life Coaches na pinangunahan ni Pastor Danny Punay.

Bukod pa dito, namahagi rin ng relief packs, hygiene kits, mga gamot at bitamina, mga binhing gulay, at facemasks mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan tulad ng DSWD, DA, PRO2, 501st Brigade, DOH, at Provincial Government of Cagayan.

Naging kabahagi rin sa programa ang PGC, NICA, DILG, MLGOO, DTI, DAR, DARPO, DOLE, BFAR, at DENR.

Samantala, tampok din sa naturang programa ang pagsunog sa bandila ng mga terorista, pagdeklara ng persona non-grata, at ceremonial signing of commitment bilang simbolo ng kanilang pagkalas sa rebeldeng grupo.

Ibinahagi ni Barangay Captain Mauricio Aguinaldo na dating tagasuporta ng CTG na ang kanyang nasasakupan ay nagpasyang putulin na ang anumang ugnayan nila sa mga CTGs. Mula noon, nag-umpisa ang pagbuhos ng tulong mula sa gobyerno kung saan umabot sa Php20-milyon ang natanggap ng kanilang barangay na ginamit sa pagsasaayos ng kanilang mga daan at patubig.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga residente ng nasabing lugar dahil sa patuloy na tulong at suporta ng pamahalaan.

Nangako naman ang PNP at ang iba't ibang ahensya ng pamahalaan na patuloy na magtutulungan upang wakasan ang insurhensiya at terorismo sa buong rehiyon.

# 4 Heneral, itinalaga sa mataas na katungkulan

**Itinalaga sa bagong pwesto ang apat (4) na Heneral ng Pambansang Pulisya.**

Itinalaga si Police Brigadier General Michael John Dubria sa PNP Directorial Staff bilang Acting Director for Intelligence na papalit kay Police Major General Dennis Agustin na nagretiro matapos marating ang kanyang mandatory retirement age na 56.

Binakante ni Dubria ang kanyang dating pwesto na Regional Director ng Police Regional Office-12 sa SOCCSKSARGEN.

Si PNP Highway Patrol Group Director, Police Brigadier General Alexander Tagum ang uupo bilang PRO-12 Regional Director.

Samantala, Police Brigadier General Gregory Bogñalbal ang itinalaga bilang Director ng PNP Highway Patrol Group na papalit kay PBGen Tagum.

Si Bogñalbal ay dating Senior Executive Assistant (SEA) ng Office of the Chief PNP. Papalit naman sa iniwanan niyang pwesto ay si Police Colonel Neri Vincent Ignacio.

Ang reassignments na ito ay epektibo silmula Nobyembre 5, 2021.

Noong Nobyembre 1, unang nang nagkaroon ng reorganization matapos magretiro si Police Major General Ferdinand Daway, na pinalitan ni Police Brigadier General Valeriano De Leon bilang Director ng Civil Security Group.

Iniwan ni De Leon ang kanyang pwesto na Regional Director ng Police Regional Office 3 kay dating Eastern Police District Director, Police Brigadier General Atty. Matthew Baccay.











# PNP at NBI, lumagda ng kasunduan sa investigation, case build-up ng anti-illegal drug-related police operations

**Nilagdaan ng Philippine National Police (PNP) at National Bureau of Investigation (NBI) ang isang Memorandum of Agreement (MOA) para sa pormal na imbestigasyon ng mga illegal drugs operation ng pulisya sa nakalipas na 5-taon.**

Sa isang simpleng seremonya na ginanap sa Department of Justice (DOJ), nilagdaan ni Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar at Director Eric B. Distor, Officer-In-Charge ng NBI ang naturang kasunduan noong November 3.

Ang MOA ay magbibigay-pahintulot sa dalawang partido na kasuhan ang mga pulis na mapapatunayang lumabag sa batas sa pagsasagawa ng mga operasyon kontra iligal na droga.

Nakasaad sa kasunduan na kinakailangang maglabas ng buo at konkretong report at rekomendasyon ang PNP at NBI kaugnay sa kanilang imbestigasyon.

Magtatalaga ng representante ang bawat ahensya na bubuo sa PNP-NBI Joint Investigation Team na magkakaroon ng pagpupulong kada buwan.


Nasa 52 cases ang kinasasangkutan ng 154 police officers ang unang iimbestigahan ng PNP-NBI Joint Investigation Team. Ang mga naturang kaso ay nirepaso na ng DOJ at inirekomenda para sa karagdagang imbestigasyon at case build-up.


"The signing of this Agreement is proof of the PNP's commitment to transparency and accountability and in order to finally settle the allegations of human rights abuses that have been hounding the government's aggressive campaign against illegal drugs since July 2016," ani PGen Eleazar.


"Through this agreement, we will be able to ferret out the truth and correct the wrong impression that all our operations relating to illegal drugs campaign are tainted with human rights abuse. Napakalaki ng sakripisyo ng ating kapulisan sa kampanyang ito at marami din kaming kasamahan na nagbuwis ng buhay at nasugatan sa aming mga operasyon," dagdag pa niya.


Ayon pa kay Eleazar, ang anti-illegal drugs campaign ay nagresulta sa pagkumpiska ng bilyun-bilyong halaga ng iligal na droga, pagkabuwag ng shabu laboratories at drug den, at pagkaaresto ng mga sindikato na sangkot sa illegal drugs smuggling sa buong bansa.


Gayundin, malaki ang naging ambag nito sa pagbaba ng Index Crime ng halos 70% sa nakaraang 5-taon.



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## PCapt MICHAEL ANGELO TUBANA, Lingkod ng Bayan, Bayani ng Mamamayan!

Labanan ang mga kriminal, sugpuin ang ilegal na droga, panatilihing ligtas at mapayapa ang komunidad. Malinaw ang mga layuning ito kay PCapt TUBANA, 31 anyos, kasapi ng Philippine National Police Academy MASALIGAN Class of 2011. Siya ang Hepe ng Mallig Police Station sa lalawigan ng Isabela. Tapat sa sinumpaang tungkulin, may dedikasyon at responsable, pinananatili niya ang kaayusan at kapayapaan ng bayan na kanyang nasasakupan.

Kaya labis na nalungkot ang mga mamamayan ng Mallig nang mabalitaan nila ang pagkamatay ng kanilang Hepe noong June 17, 2018.

Batay sa ulat, nagsasagawa si PCapt Tubana ng kampanya laban sa ilegal na droga bandang 10:15 PM, Linggo, sa kahabaan ng National Highway, Barangay Centro1, Mallig nang siya ay mabaril nang dalawang suspek sa kanang bahagi ng katawan. Mabilis na nakatakas ang dalawang salarin sakay ng motorsiklo.

Agad na isinugod sa Yumena Hospital sa Roxas, Isabela ang pulis subalit binawian din ng buhay habang sumasailalim sa atensyong medikal.

Ganoon pa man, nahuli sa isinagawang police operation ang dalawang suspek bandang 10:00 AM,June 18, 2018 sa Tabuk City, Kalinga. Sinampahan ng reklamong Murder sa piskalya noong June 19, 2018 ang mga suspek na sina Warren Bulawit, 19 anyos at ang kanyang kasama na isang menor de edad. Si Bulawit ay nagpositibo sa paraffin at illegal drug test.

Ang sakripisyong ipinamalas ni PCapt Tubana ay kinilala ng komunidad at ng Philippine National Police (PNP). Maging si Pangulong RODRIGO R DUTERTE ay sumaludo sa kanyang labi at personal na nagpaabot nang pakikiramay sa asawa ng pulis na si Anne at mga magulang na si Josue at Loida Tubana.

Bilang pagkilala sa sakripisyong inihandog ng magiting na pulis upang sugpuin ang kriminalidad at ilegal na droga, ang Medalya ng Kadakilaan ay ipinarangal ng PNP sa kanyang labi sa bayan ng Gamu.

Paalam PCapt TUBANA, ang iyong sakripisyo ay idadambana namin sa aming puso at diwa!

Ang alaala ng iyong kagitingan ay mananatiling buhay!

# Most Wanted sa kasong rape, arestado sa Laguna

**Iniulat ni Laguna Police Provincial Director, PCol Rogarth Bulalacao Campo kay CALABARZON Regional Director, PBGen Eliseo DC Cruz ang pagkakaaresto sa rank number 1 Most Wanted Person (Regional level) sa anim (6) na bilang ng kasong rape.**

Kinilala ni PCol Campo ang akusado na si Benjamin Purio y Oblifias, 70 taong gulang, may live-in partner, magsasaka, at residente ng Palatino Street, Brgy. 5 Ilaya del Sur, Paete, Laguna.

Sa ulat ay nalamang nagsagawa ang Paete Municipal Police Station (MPS) ng operasyon noong Oktubre 31, 2021, sa Sitio Bangko, Brgy. 8 Bangkusay, Paete, Laguna.

Ang pag-aresto ay isinagawa sa bisa ng Warrant of Arrest para sa anim na count ng rape sa ilalim ng criminal case no. S-12450, S-12451, S-12452, S-12453, S-12454 at S-12455 na inilabas noong Hulyo 28, 2021 na inisyu ni Hon. Marlyn M. Reyes-Agama, Presiding Judge ng 4th Judicial Region, Regional Trial Court, Branch 33, Siniloan, Laguna na walang rekomendadong piyansa.

Pansamantalang nasa kustodiya ang akusado ng Paete MPS. (PIO CALABARZON / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)

# Miyembro ng Concepcion Criminal Group, huli


**Huli ang isang (1) miyembro ng Concepcion Criminal Group na "Most Wanted" dahil sa kasong "murder" at "frustrated murder" sa isinagawang manhunt operation sa Brgy. Montana, Tanauan City, Batangas noong Nobyembre 3, 2021 ng hapon.**

Naaresto sa isinagawang manhunt operation ng mga tauhan ng PIU-Albay PPO; Tanauan CPS katuwang ang 403rd AMC, RMFB4A, at Libon MPS sa bisa ng "Warrant of Arest" na inilabas ng korte sa kasong pagpatay o murder at pagtangkang pagpatay o frustrated murder noong Marso 1, 2016.

Nakilala ang suspek na si "Jaime", 72 taong gulang, residente ng Brgy. Bariw, Libon, Albay, miyembro ng noturyus na Concepcion Criminal Group na sangkot sa iba't ibang krimen at mga iligal na gawain sa Bicol at kalapit nitong lugar.

Batay sa record, ang naarestong suspek ay isa sa mga suspek sa pamamaslang sa bayan ng Libon, Albay noong taong 2016. Maaaring tuluyan ng tumanda sa kulungan ang akusado sapagkat walang inirekomendang piyansa ang korte sa kasong "Murder" at nagkakahalaga ng Php180,000 naman sa kasong "Frustrated Murder".

Pinuri ni PD, Albay PPO PCol Arnold C Santiago ang lahat ng yunit ng nasa likod ng matagumpay na operasyong ito.




# Pugante ng Las Pinas City, arestado




**Pinapurihan ni NCRPO Regional Director, PMGen Vicente D. Danao, Jr. ang tracker team ng Las Pinas City Police Station sa ilalim ni PCol Rodel Pastor, Chief of Police sa pagkakaaresto sa Top 4 Most Wanted Person ng 4th quarter ng 2021 sa #206 P Diego Cera, Brgy., Elias Aldana, Las Pinas City noong Oktubre 31, 2021.**

Sa inisyal na ulat na isinumite ng Southern Police District, sinabing ang mga tauhan ng Warrant at Subpoena Section sa pangunguna ni PLt Jay Joseph De Guzman at Station Intelligence Section na pinangunahan ni PLt Alberto M. Vida ay naglatag ng Warrant of Arrest laban sa akusado na kinilalang si Arnel Gabad y Calderon, 45 taong gulang, walang asawa at construction worker na inilabas noong May 27, 2014 para sa kasong Rape ni Judge Maria Josefina G. San Juan-Torres ng RTC Branch 79, Morong Rizal at walang rekomendadong piyansa.

Sa pag-aresto, si Gabad ay sinabihan sa kanyang karapatang konstitusyunal at dinala sa Station Custodial Facility ng Las Pinas City Police Station bago sa pagbalik ng Warrant of Arrest sa korteng pinagmulan.

"Ang manhunt operation ng lahat ng NCRPO Police Unit ay magpapatuloy sa pag-aresto ng mga wanted na taong may nakabinbing warrant of arrest at sila ay dalhin sa bilangguan. Binabati ko ang aking mga tauhan sa magaling na pagtupad ng kanilang tungkulin. Ang tagumpay na ito ay pagpapakita lang na ang mga wanted ay hindi malulusutan ang batas, sapagkat sila ay ating hahanapin," sabi ni PMGEN Danao.

Pinasalamatan din ni PMGen Danao ang mga mamamayan sa kanilang kooperasyon at pagtitiwala sa PNP. Sinabi niyang ang kanilang pagsusumbong sa mga awtoridad ay isa ng malaking tulong para magawa nila ng mahusay ang kanilang tungkulin. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Top 9 Most Wanted Person sa Umingan, arestado


**Arestado ang Top 9 Most Wanted Person (Provincial Level) sa Umingan, Pangasinan noong ika-29 ng Oktubre, 2021.**

Ayon sa ulat, bandang alas 12:20 ng tanghali, nang ikasa ng Umingan MPS (Led Unit) kasama ang PIU, PIDMU ang manhunt operation sa Brgy. San Leon, Umingan, Pangasinan na nagresulta sa pagkaaresto ng suspek.


Kinilala ang suspek na si Rey Pimo y Sibayan, 29 taong gulang, walang asawa, manggagawa, at residente ng Brgy. San Leon, Umingan, Pangasinan.

Naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Rusty M. Naya, Presiding Judge, RTC, Branch 51 Tayug, Pangasinan, para sa dalawang (2) bilang ng kaso ng "Rape", sa ilalim ng Criminal Case no. T-7752 at T-7753 at walang inirekomendang piyansa.

Kasalukuyang nasa pangangalaga ng Umingan MPS ang suspek para sa wastong disposisyon ng kanyang kinakaharap na kaso.



# Kano, huli dahil sa bomb joke sa Tuguegarao City airport




**Hinuli ang isang Amerikano matapos magbiro na may lamang bomba ang kanyang mga bagaheng dala habang sinisiyasat ng mga tauhan ng Cebu Pacific sa paliparan ng Tuguegarao City.**

Ayon kay PMaj Junvie Velasco, hepe ng Tuguegarao City Police Airport, dinakip si George Adrien Favarielle mula New Jersey, USA, noong Nobyembre 4, 2021.

Nagpaliwanag ang dayuhan na pawang biro lamang ang kanyang ginawa subalit dinakip pa rin ito ng mga Airport Police at dinala sa himpilan ng Tuguegarao City Police Station.

Ayon pa kay PMaj Velasco, ang ginawang bomb joke ni Favarielle ay paglabag sa Anti-Bomb Joke Law ng bansa na hindi maaaring palagpasin ng kanilang hanay.

Pauwi na sana ang Amerikano at ang kanyang asawa na si Rowena Pascua na tubong Gonzaga, Cagayan.

Halagang Php30,000 naman ang itinakdang piyansa para sa pansamantalang paglaya ng suspek.

# Cagayan Valley Top Most Wanted, huli sa kasong panggagahasa

**Pinatunayan ng Valley Cops ang patuloy na pagpapaigting sa mga operasyon laban sa kriminalidad at paghuli sa mga taong nagkasala sa batas.**

Bilang resulta, nahuli ang tinaguriang Top Most Wanted Person ng Rehiyon Dos sa Barangay Nanguilattan, Peñablanca, Cagayan noong Nobyembre 2, 2021.

Kinilala ang suspek na si Michael Marcos, 36 anyos, may asawa at residente sa nabanggit na lugar.

Isinagawa ang operasyon ng pinagsanib-pwersa ng Peñablanca Police Station sa pangunguna ni Police Major George Maribbay, 1st Cagayan PMFC sa pamumuno ni Police Lieutenant Colonel Lord Wilson Adorio, at 204th Mobile Company ng Regional Mobile Force Battalion 2 na pinangunahan ni Police Lieutenant Efren Caronan.

Inaresto si Marcos sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas ni Judge Lyliha Abella-Aquino, Presiding Judge ng Regional Trial Court Branch 4, Tuguegarao City, Cagayan, para sa kasong Rape (160 counts) na may petsang Oktober 4, 2021, at walang kaukulang piyansa.

Ayon sa salaysay ng biktima, 13-anyos siya nang nagsimula siyang molestiyahin ng suspek na itinuturing niyang stepfather. Ginagawa niya ito ng apat na beses sa isang Linggo mula September 2019 hanggang noong ika-25 ng Hunyo, 2020. Dagdag ng biktima, pinagbabantaan rin siya ng suspek na papatayin kapag magsumbong.

Nagtungo ang biktima kasama ang kanyang tiyahin sa Peñablanca Police Station noong Hulyo 3, 2020 para magreklamo sa ginagawang kahalayan ng kanyang ama-amahan.

Napag-alaman na ang biktima ay naiwan sa pangangalaga ng suspek dahil ang kanyang ina ay nagtatrabaho sa ibang bansa.

Sa ngayon, si Marcos ay nasa kustodiya ng Peñablanca Police Station para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.




# 2 gunrunner, arestado sa Maguindanao




**Arestado sa ikinasang entrapment operation ang dalawang (2) suspek sa gunrunning syndicate noong Oktubre 31, 2021 sa Shariff Aguak, Maguindanao.**

Isinagawa ng Shariff Aguak Municipal Police Station ang naturang operasyon kasama ang 1404th Regional Mobile Force Company, Regional Mobile Force Battalion 14, at Regional Intelligence Division.

Matagumpay na naaresto sina Adji Mohaimen Akmad Lumamba at Talib Basagan Manindig, pawang residente ng Matanog, Maguindanao.

Nakumpiska sa operasyon ang isang (1) 5.56 rifle; isang (1) 40mm grenade launcher; mga cellphone at buy-bust money.

Ang mga suspek ay nasa kustodiya ng Shariff Aguak Municipal Police Station at nahaharap sa kasong paglabag sa RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

# Lider ng criminal gang, arestado sa Tarlac

**Huli ang pinuno ng isang notoryus na criminal gang at tinaguriang Central Luzon's Top 10 Most Wanted Person noong Nobyembre 4, 2021 sa Hospital Drive, Block 3, Barangay San Vicente, Tarlac City.**

Ayon kay Police Colonel Erwin Sanque, Acting Provincial Director ng Tarlac Police Provincial Office, ang suspek ay kinilalang si Benjamin Prinel, 70 taong gulang, may asawa, at residente ng Barangay San Vicente, Tarlac City, Tarlac.

Nakuha mula sa suspek ang isang (1) caliber .38 revolver na walang serial number at may tatlong (3) bala.

Si Prinel ang lider ng Collado Criminal Gang, kung saan ang Collado Criminal Gang ay utak sa mga robbery cases (Basag Kotse) sa probinsya ng Tarlac at kabilang sa Central Luzon's Top 10 Priority High-Value Individual (HVI) list.

Kasalukuyan pa ang isinasagawang imbestigasyon ng pulisya upang matukoy at madakip ang iba pang miyembro ng naturang grupo.




# 2 tulak ng shabu, timbog sa Php119K drug ops sa Tawi-Tawi






**Matagumpay na nadakip ang dalawang (2) suspek sa pagtutulak ng iligal na droga sa Bongao, Tawi-Tawi noong Nobyembre 1, 2021.**

Huli ang mga suspek na sina Bodoy Anang Hussin at Binging Mohammad Lahaman.

Batay sa report ng Bongao Municipal Police Station, nagpapatrolya ang mga tauhan nito nang makatanggap ng impormasyon mula sa isang concerned citizen hinggil sa transaksyon ng iligal na droga sa Badjao Village, Barangay Pag-asa, Bongao, Tawi-Tawi.

Agad rumesponde ang mga kapulisan kung saan nahuli ang dalawang suspek sa aktong pagbebenta ng iligal na droga.

Nakumpiska mula sa kanila ang 17.6 gramo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php119, 680.

Kasalukuyang nasa kustodiya ng Bingao MPS ang mga nadakip na suspek.

# 2 CTG, nasawi sa engkwentro sa Mountain Province






**Patay ang dalawang (2) pinaghihinalaang miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) matapos ang kanilang engkwentro sa mga kasundaluhan mula sa 69th Infantry Battalion at mga kapulisan ng Besao Municipal Police Station (MPS) at Mountain Province Provincial Mobile Force Company (PMFC) noong Oktubre 30 taong kasalukuyan sa Brgy. Gueday, Besao, Mountain Province.**

Ayon sa ulat, habang ang mga nasabing kasundaluhan at kapulisan ay nagsasagawa ng Combat Operation sa naturang lugar nang kanilang makaengkwentro ang nasa mahigit kumulang sampung (10) miyembro ng CTG na pinaniniwalaang mula sa Kilusang Larangang Guerilla Abra-Mt. Province-Ilocos Sur (KLG-AMPIS).

Ang naturang engkwentro ay nagtagal ng sampung minuto hanggang sa umatras ang mga miyembro ng CTG kung saan walang naitalang Killed in Action (KIA) o Wounded in Action (WIA) mula sa mga kapulisan at kasundaluhan habang dalawa (2) naman ang binawian ng buhay mula sa mga miyembro ng CTG.

Ang mga kagamitan na narekober mula sa engkwentro ay dalawang (2) R4 long firearms, dalawang (2) bandolier, apat (4) na long magazine, anim (6) na short magazine, dalawang (2) ICOM handheld radio, medical kit, dalawang (2) sako ng bigas, cell phone batteries, isang (1) flashlight at sling bag.

# Pamilya ng 2 CTG na nasawi sa engkwentro, tumanggap ng tulong-pinansyal mula sa Isabela PNP



**Tumanggap ng tulong-pinansyal ang mga pamilya ng dalawang (2) miyembro ng Communist Terrorist Group (CTG) na nasawi kamakailan sa San Mariano, Isabela.**

Nagtungo ang 1st Isabela Police Mobile Force Company (PMFC), sa pangunguna ni PLtCol Jeffrey D. Raposas, sa bahay ng mga rebeldeng namayapa upang makiramay sa mga naulilang pamilya.

Noong Oktubre 29, nasawi sa engkwentro sina Davao Infiel, Squad Leader sa ilalim ng Komiteng Rehiyon-Cagayan Valley (KR-CV); at Dessel Infiel na miyembro rin ng naturang grupo.

Nagpapatrolya ang 95th Infantry Battalion at Isabela PMFC sa Barangay Tappa, San Mariano nang mamataan ang mga miyembro ng NPA na bitbit ang mga matataas na kalibre ng armas.

Pinaputukan ng mga rebelde ang paparating na pwersa ng pulisya at militar na nauwi sa limang (5) minutong palitan ng putok at pagkasawi ng dalawang (2) CTG. Narekober din ng mga otoridad mula sa pinangyarihan ng insidente ang dalawang (2) M16 riffle.

"Kami'y talagang lubos na nagpapasalamat sa inyong mga tulong lalo na sa pagmulat sa amin kung ano ang tunay na halaga ng buhay na ilang dekada na sa ami'y ipinagkait. Binulag kami ng idelohiya na maraming buhay na ang sinira," wika ng nakatatandang kapatid ng yumao.

Nanawagan ang pamilya sa mga dati nilang kasamahan na sumuko na habang may pagkakataon pa para magbagong-buhay.

# Dating CTG supporters at drug reformists, nagtapos ng TESDA Livelihood Program



**Patuloy ang pagkakaisa ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan upang maghatid kaalaman at mabigyan ng pangkabuhayan ang mga kababayang nagbabalik-loob sa pamahalaan.**

Patunay dito, 25 iskolar ang nagtapos sa 29 days Organic Agriculture Production Training na isinagawa ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) noong Nobyembre 4, 2021 sa Bagsakan Center, Barangay Luna, Quirino, Isabela.

Ang mga nagsipagtapos ay kinabibilangan ng 13 sumukong CTG supporters (Militia ng Bayan); dalawang (2) drug reformists; at 10 miyembro ng Kabataan Kontra Droga at Terorismo (KKDAT).

Ang nasabing training ay bunga ng kasunduan sa pagitan ng Philippine National Police at TESDA na ang mga dating CTG at drug reformist ay sasailalim sa livelihood program bilang tulong sa kanilang pagbabagong-buhay.

Ang pagtatapos ay dinaluhan nina PCol James M Cipriano, na kinatawanan ni PMaj Amy M Dela Cruz, Deputy PCADU, Isabela Police Provincial Office; Vilma C Cabrere, PhD, CESO IV, Provincial Director, TESDA Isabela; Mr. Cenon M Aquino, may-ari ng SM Passion Farm School; Merly Malana Viernes, TESDA Specialists; Quirino Vice Mayor Ma. Nerissa J Callangan at Pastor Jonathan Purugganan, Life Coach.

Pinaabot ni PD Cipriano ang mensahe ng pagbati sa mga nagsipagtapos at ang kanyang pasasalamat at papuri sa TESDA.

# 7 miyembro ng Abu Sayyaf, sumuko sa Sulu

**Nagresulta sa pagkaka-aresto kay Jordge Cocoy Agudez alyas "Boljak", kasapi ng Communist Terrorist Group (CTG), ang ikinasang Operation Phantom ng 3rd Special Action Battalion, Philippine National Police-Special Action Force (SAF) noong Nobyembre 5, 2021 sa Barangay San Jose, Rodriguez, Rizal.**

Si Agudez, 26 anyos, residente ng Sitio Ilas, Barangay Puray, Montalban, ay kinikilalang miyembro ng KLG Narciso, SRMA 4A.

Dinakip ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Frustrated Murder at Arson with Robbery. Batay sa report, matapos masangkot sa maraming krimen, si Agudez ay nagtago sa batas magmula noong 2019.

Naging matagumpay ang operasyon dahil sa pakikipagtulungan ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) Rizal at Provincial Intelligence Team, Regional Intelligence Unit Rizal. Ang pagkakadakip kay Agudez ay patunay na ang Teroristang Grupo sa lalawigan ng Rizal ay humihina na.

"Nananawagan ako sa mga natitira pang miyembro ng CTGs na kusang magbalik-loob sa pamahalaan. Mayroong E-CLIP (Enhanced Comprehensive Local Integration Program) ang gobyerno upang kayo'y matulungan para sa inyong pagbabagong buhay," ani PMGen Felipe R. Natividad, SAF Director.

Ang suspek ay kasalukuyang nasa kustodiya ng CIDG Rizal para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

# Php5.3-M Cocaine at mataas na kalibre ng armas, nasabat sa Tawi-Tawi





**Aabot sa isang (1) kilo ng Cocaine na nagkakahalaga ng Php5.3-milyon ang nasabat sa buy-bust operation na ikinasa ng Philippine National Police (PNP), Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) at Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Sitangkai, Tawi-Tawi noong Oktubre 29, 2021.**

Naaresto sa naturang operasyon ang suspek na si Basir Daud, 49 anyos at residente ng Pundohan Tapis, Barangay Sipangkot ng Sitangkai, Tawi-Tawi.

Batay sa report ng Sitangkai Municipal Police Station, matagal ng minamanmanan ng mga awtoridad ang suspek dahil sa mga iligal nitong transaksyon bago pa man isinagawa ang buy-bust operation.

Bukod sa Cocaine, narekober din ng awtoridad mula kay Daud ang isang (1) M16 rifle.

Kasalukuyang nakapiit ang suspek sa Sitangkai MPS at nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

# Php3-M shabu, kumpiskado; 4 arestado sa magkahiwalay na operasyon



**Humigit kumulang 225 gramo ng hinihinalang shabu at halagang Php1,530,000 ang nasabat sa Checkpoint/Oplan Sita sa Taksay St., Brgy. 28, Caloocan City noong Oktubre 30.**

Binati ni PMGen Vicente D Danao Jr ang operatiba ng Tuna Police Sub-Station sa ilalim ng Police Station 1, Caloocan CPS, Northern Police District sa pangunguna ni PCol Samuel V. Mina, Chief of Police, sa kanilang tagumpay sa Oplan Sita na nagresulta sa pag-aresto ng mga suspek na kinilalang sina Jeffrey Filiciano y Paragas; Jeric Sy y Say; at Regie Rivera y Rosanesat.

Base sa ulat na natanggap ni NPD Director, PBGen Jose S. Hidalgo, ang nasabing mga suspek na nakasakay sa dalawang (2) motorsiklo ay nasita sa lugar ng checkpoint.

Narekober sa mga suspek ang dalawang (2) piraso ng tie knot plastic sachet at isang (1) medium heat-sealed transparent plastic sachet na pawang may lamang hinihinalang shabu, at isang timbangan.

Bukod pa dito, ang dalawang (2) motorcycle driver ay inisyuhan ng Traffic Violation Receipts (TVR) sa hindi pagsusuot ng helmet at pagwalang-bahala sa Checkpoint/ Oplan Sita.

Samantala, sa Madre Ignacia St. cor. Pres. Quirino Ave., Malate, Manila, nagsagawa ang mga operatiba ng Station Drug Enforcement Unit, Police Station 9 Malate ng Manila Police District sa pangunguna ni PSMS Homer Velasco, ng buy-bust operation na nagresulta sa pag-aresto sa isang suspek sa iligal na droga na kinilalang si Julius Laduen y Dela Cruz aka Kosa.

Nakumpiska mula sa kanya ang isang (1) black sling bag; isang (1) medium size heat-sealed transparent plastic sachet ng shabu; dalawang (2) knot tied transparent plastic sachet ng shabu na may timbang na 225 gramo at may halaga sa DDB na Php1,530,000; at mga bungkos ng pera.

Ang mga naarestong suspek at nakumpiskang mga bagay sa magkahiwalay na operasyon ay dinala sa kani-kanilang operating unit para sa wastong dokumentasyon habang inihahanda ang mga kaso sa paglabag sa RA 9165 laban sa kanila.

Pinapurihan ni PMGen Danao ang tagumpay ng operasyon na nagresulta sa pag-aresto sa mga suspek at pagkumpiska sa malaking halaga ng iligal na droga.

"Sa kabila ng mga hamon dulot ng krisis sa pangkalusugan, kayo ay masikap pa rin nagtatrabaho para masugpo ang pagkalat ng droga sa inyong nasasakupang lugar. Patuloy pa kayong magsikap para panatilihin ang kapayapaan at kaayusan sa ating komunidad."

"Sa publiko, iniimbitahan namin kayo na i-report sa mga awtoridad ang anumang iligal na gawain, insidente, at krimen na inyong makita at/o ipagbigay alam sa amin sa pamamagitan ng pagreport sa NCRPO Text Hotline Numbers 0999-901-8181 para sa Smart subscriber at 0915-888-8181 sa mga Globe subscriber. Ang inyong aktibong pagsali at partisipasyon sa simpleng pag-report sa pulisya ay isang malaking tulong. Magtulungan tayong lahat," panawagan ni PMGen Danao. *(NCRPO-PIO / NUP Loreto B. Concepcion)*

# P1.7-M halaga ng shabu, nakumpiska sa Bulacan; suspek, arestado

**Arestado ang isang (1) suspek at umabot sa Php1.7 milyong halaga ng shabu ang nakumpiska ng otoridad sa ikinasang operasyon kontra iligal na droga sa Bulacan noong Nobyembre 1 taong kasalukuyan.**

Sinabi ni PCol. Manuel M Lukban, Acting Provincial Director ng Bulacan PPO, ang pinagsamang pwersa ng CSJDM DEU, Bulacan PPDEU-PIU at SDEU PNP DEG, SOU-4B ay nagsagawa ng buy-bust operation sa Daang Barrio, Brgy. Gaya Gaya, San Jose Del Monte, Bulacan.

Nahuli ang suspek na kinilalang si Anthony Montefalcon, 45 taong gulang, food delivery driver at residente ng 6019 Tramo 1, San Isidro, Sucat, Paranaque.

Nakuha mula sa suspek ang isang (1) piraso ng Php1,000; 200 piraso ng Php1,000 boodle money; (1) isang paper bag na naglalaman ng hinihinalang shabu na may timbang na 250 gramo at tinatayang nagkakahalaga ng Php1,700,000; isang Oppo Android cellphone; at mga ID.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.




# Php340K shabu, nasamsam; 3 suspek, arestado sa buy-bust



**Aabot sa 50 gramo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php340,000 ang nakumpiska ng mga awtoridad habang tatlo (3) naman ang naaresto sa buy-bust operation ng PNP at PDEA sa Cordon, Isabela.**

Kinilala ang mga suspek na sina Jestoni Guttierez, 30 anyos, isang truck driver, residente ng Barangay Alibadbad, San Mariano, Isabela; Juanito Aggabao, 33 anyos, isang truck helper, residente ng District 3, Cauayan City, Isabela; at Evelyn Dela Cruz, 47 anyos, isang sack vendor, residente ng Santo Niño, Gapan, Nueva Ecija.

Inaresto ang mga suspek matapos makabili ng isang (1) sachet ng shabu na nagkakahalaga ng Php15,000 ang ahente ng PDEA na nagpanggap bilang poseur-buyer.

Nang kapkapan, nakuha sa mga suspek ang apat (4) pang sachet ng shabu; tatlong (3) cellphone; drug paraphernalia; at trailer truck na may plakang NEP 1705.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume V No. 44 * Oktubre 30 - Nobyembre 5, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Katutubong Manobo at Talaandig sa Bukidnon, pinuntahan ng Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan





**Napili bilang benepisyaryo ang mga kapatid na katutubong Manobo sa Purok 8, Barangay San Miguel, Maramag, Bukidnon sa isinagawang Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan na may layuning ilapit ang iba't-ibang serbisyo ng gobyerno sa mga barangay.**

Kasabay nito ang pagdiriwang ng 2021 Indigenous People Month at 24th Indigenous People Right Act na may temang "Ang paglalakbay ng mga Katutubong Mamamayan para sa Tunay na Pagkilala, Paggalang at Sariling Pamamahala".

Kasama ng kapulisan ng Bukidnon Police Provincial Office sa pangunguna ni Police Colonel Jun Mark J. Lagare ang iba't-ibang ahensya ng Gobyerno at mga pribadong grupo.

Dumalo ang mga kinatawan ng lokal na pamahalaan ng Maramag, DILG, TESDA, DOLE, DSWD, Municipal Health Office, COMELEC, DOH, One Indigo Project, C & E Foundation Inc., at NET 25 EBC News.

Dumalo rin ang mga miyembro ng Kabataan Kontra Droga at Terorismo-Bukidnon Chapter sa isinagawang aktibidad.

Nagkaroon din ng COVID-19 vaccination, libreng gupit, Mobile Library at pamamahagi ng pagkain, hygiene kits, food packs, tsinelas at DSWD food box.

Nagturo rin ang grupo ng tamang paghuhugas ng kamay sa mga bata at mga simpleng pamamaraan upang makaiwas sa COVID-19 virus.

Ang Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan ay isinasagawa ng lahat ng ahensiya ng gobyerno upang mapaabot ang mga programa ng gobyerno sa mga mamamayan.

# Liham ng amang bilanggo, isinakatupran ng kapulisan





**Ang Catanduanes 2nd PMFC ay nag-isponsor ng isang binyag noong Oktubre 30, 2021 sa Saint Anthony de Padua Parish, Brgy. Poblacion, Bagamanoc, Catanduanes sa kahilingan ng isang ama na nakakulong sa Bagamanoc MPS.**

Ito ay kaugnay sa adbokasiya ni PBGen Jonnel C Estomo, Regional Director ng PRO5 na Seen, Appreciated and Felt by the people and all actions of the police must be Extraordinary o S.A.F.E.

Ito ay ang de kalibreng serbisyo na di lamang nakikita kundi nararamdaman ng mga mamamayan sa kanilang nasasakupan,

Ang nasabing bilanggo ay sumulat at naiparating sa tanggapan ng Catanduanes 2nd PMFC na humihiling na mapabinyagan ang kanyang anak na babae na kung saan ito ay apat (4) na buwang gulang na naiwan sa kanyang kinakasama.

Nagtulong-tulong ang nasabing PMFC na matugunan ang kahilingan. Matapos ang binyag ay nagkaroon ng munting handaan na pinagsalu-saluhan ng pamilya at ng kapulisan.

Bakas sa mga mata ng isang ina ang lubos na kasiyahan at pasasalamat sa ginawang tugon ng kapulisan ng Catanduanes sa munting kahilingan ng kanyang asawa.

# Pulis-Benguet, tumulong sa paghahatid ng modyul sa mga estudyante





**Tumulong ang mga tauhan ng 2nd Provincial Mobile Force Company sa Benguet na maghatid ng mga modyul sa mga mag-aaral ng Itogon at Tinongdan, Benguet.**

Layunin ng mga kapulisan na matiyak na ang mga estudyante sa malalyong lugar ay patuloy na makatanggap ng edukasyon sa gitna ng pandemya.

Pinapurihan ni PNP Chief Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang ginawang inisyatibo ng kapulisan sa Benguet.

"Ibahagi natin sa mga kabataan, lalo na iyong mga nakatira sa malalayong lugar, ang ating kakayahan at kagamitan upang ihatid sa kanila ang mga learning modules para maipagpatuloy nila ang kanilang pag-aaral," ani Eleazar.

"Kaagapay ninyo ang inyong PNP sa pagbibigay importansya sa edukasyon ng bawat kabataan," dagdag pa niya.